

# IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

## Bumangon ang ASEAN manufacturing sector noong Marso

### Mga pangunahing nalaman

Lumaki ulit ang output at dumami ang mga bagong order

Pinakamalaki ang inflation ng gastos sa output sa loob ng mahigit pitong taon

Tumaas ang kumpanya sa negosyo

Kinolekta ang data mula ika-12 hanggang ika-25 ng Marso 2021.

Bumangon ang ASEAN manufacturing sector sa huling buwan ng unang quarter, ayon sa pinakabagong data ng IHS Markit Purchasing Managers' Index (PMI™). Sabay na lumaki ang output at dumami ang mga bagong order kasunod ng bahagyang pagbaba ng mga ito noong Pebrero, bagama't kaunti lang ang muling pagtaas ng mga ito. Ang mga pagkaantala sa supply chain ay nakadagdag sa mga presyo, gayunpaman ay naging pinakamabilis ang inflation ng gastos mula pa noong Enero 2014. Gayunpaman, naging pinakamataas ang kumpanya sa negosyo sa loob ng tatlong buwan, bagama't nanatiling mas mababa nang kaunti ang antas ng sentimyento kumpara sa long-run average ng series.

Ang headline PMI ay tumaas mula 49.7 noong Pebrero at lampas sa neutral na 50.0 mark patungo sa 50.8 noong Marso. Hudyat ito ng muling pagbangon sa mga kundisyon ng manufacturing sa ASEAN, bagama't bahagya lang ito.

Nakakita ng pagbangon sa apat sa pitong kasaling bansa noong Marso. Ang pinakamasiglang pagbangon ay naitala sa Vietnam, kung saan ang headline figure (53.6) ay naging hudyat ng ikaapat na sunod-sunod na buwan ng pagbangon sa kalagayan ng sektor at naging pinakamabilis ito mula noong Disyembre 2018.

Naitala rin ang tuloy-tuloy na pag-unlad sa Indonesia at sa Pilipinas noong Marso. Sa nauna, ang headline index ay umabot sa isang record high sa survey (mula noong Abril 2011) na 53.2 at naghudyat ito ng masiglang paglago, habang sa pangalawa naman ay nakapagtala ng bahagyang pag-unlad, pero nanatili itong matatag sa pangkalahatan (nasa 52.2 ang PMI).

Ang Singapore ay ang huling bansa sa ASEAN na nakapagtala ng pag-unlad sa mga kundisyon ng manufacturing noong Marso. Dito, ang headline PMI (50.7) ay nagsaad ng mas mabagal na pag-unlad kumpara sa nakaraang tatlong buwan at naging bahagya lang ito sa pangkalahatan.

Sa ibang dako, ang kalagayan ng goods producing sector ng Malaysia ay naging matatag sa pangkalahatan noong buwang iyon, kung saan naitala ang headline index nang nasa ibaba lang ng neutral na 50.0 mark. Sa Thailand, bumagal ang downturn kumpara sa Pebrero, pero ang PMI na 48.8 ay naghudyat pa rin ng bahagyang rate ng contraction sa pangkalahatan.

*ipinagpatuloy...*

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

### Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

*"Nakaranas ang ASEAN manufacturing sector ng pagganda ng mga kundisyon sa katapusan ng unang quarter, kung saan nagdulot ng pag-unlad ang muling pagdami ng output at pagdating ng bagong trabaho kasunod ng bahagyang pagbaba noong Pebrero.*

*"Gayunpaman, nagpakita ang data ng mga pagkaatanla sa supply, kung saan humina ulit ang vendor performance at nakaambag ito sa pinakamabilis na rate ng inflation ng gastusin sa loob ng mahigit pitong taon. Ginamit ng mga kumpanya ang kanilang pricing power para ipasa ang ilan sa mga karagdagang gastusing ito sa mga kliyente noong Marso, kung saan naging pinakamabilis ang pagtaas ng mga singil sa factory gate sa loob ng halos dalawa't kalahating taon.*

*"Sa national level, nanatiling hindi pantay-pantay ang mga performance, at apat lang sa pitong kasamang bansa ang nagtala ng pag-unlad noong Marso. Naging mas magaan ang mga downturn sa Malaysia at Thailand, pero humantong ang pulitikal na kaguluhan sa bagong pinakamabilis na rate ng contraction sa Myanmar.*

*"Sa pangkalahatan, nananatiling hindi tiyak ang short-term outlook para sa sektor. Bagama't mas maganda na ang posisyon nitong ituloy ang pagbangon mula sa pandemya, hindi pa kami nakakakita ng mga senyas ng tuloy-tuloy na rebound."*

Panghuli, nagtala ang Myanmar ng isa pang malalang pagbulosok noong Marso. Bumaba ang headline figure sa isang bagong record low (27.5) dahil nanatiling sarado ang mga pabrika sa gitna ng pulitikal na kaguluhan.

Ang muling pagdami ng output at mga bagong order ay nagkaroon ng malaking epekto sa pagbangon ng mga kundisyon ng manufacturing sa ASEAN noong Marso. Gayunpaman, hindi masyadong naging mabilis ang pag-unlad sa pangkalahatan, at naging mas mahina ito kumpara sa naitala noong Disyembre at Enero.

Gayunpaman, ang mas mataas na demand ay nakadagdag noong Marso sa kumpanya ng mga kumpanya tungkol sa output sa darating na 12 buwan. Ang antas ng positibong sentimyento ay naging pinakamataas simula noong Disyembre, bagama't mas mababa ito kung titingnan sa konteksto ng historical data.

Nagpakita rin ang data ng Marso ng mga tuloy-tuloy na pagkaantala sa supply, kung saan humaba ang mga average lead time para sa mga input nang labing-apat na buwan nang sunod-sunod. Gayunpaman, naging pinaka-hindi malala ang mga pagkaantala simula noong Nobyembre ng nakaraang taon.

Dahil sa mga nahihirapang supply chain, tumaas ulit ang mga gastusin sa input noong Marso. Naging pinakamabilis ang inflation simula pa noong Enero 2014. Bilang resulta, isinagad ng mga kumpanya ang mga average na singil nang pinakamataas sa loob ng halos dalawa't kalahating taon.


Patuloy na nagbawas ng mga tao ang mga kumpanya noong Marso, bagama't naging pinakamabagal ang bilis ng pagbabawas ng trabaho sa loob ng mahigit isang taon, malamang na sumasalamin ito sa mas matatag na capacity pressures, dahil lumaki ang backlog ng trabaho sa unang pagkakataon mula noong Hunyo 2014.

Gayundin, mas lumaganap ang aktibidad ng pagbili sa unang pagkakataon mula noong Mayo 2019, dahil sinubukan ng mga kumpanyang palakihin ang mga imbentaryo. Gayunpaman, ang mga stock ng binili at finished na produkto ay lalo pang bumaba.

## Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas  
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

## Makipag-ugnayan

Lewis Cooper  
Economist  
IHS Markit  
Telepono: +44 1491-461-019  
[lewis.cooper@ihsmarkit.com](mailto:lewis.cooper@ihsmarkit.com)

Joanna Vickers  
Corporate Communications  
IHS Markit  
Telepono: +44-207-260-2234  
[joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com)

## Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added\*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added\*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasayos.

Kinolekta ang data mula ika-12 hanggang ika-25 ng Marso 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

\*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

## Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

## Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakita sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa [joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

## Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayanan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa [ihsmarkit.com/products/pmi.html](https://ihsmarkit.com/products/pmi.html).